

まんがでわかる



Tagalog


タガログ語版

宿泊業の安全衛生


Alamin Mula sa Komiks

Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Hotel






Ngayon, pag-aaralan natin ang tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa industriya ng hotel!



Ang trabaho sa industriya ng hotel ay magandang uri ng trabaho kung saan inaalagaan ang mga panauhin.

Oo nga!

Maganda ang imahe at hinahangaan ito.




Kaakit-akit din ang magandang lugar ng trabaho.



Subalit, kahit sa ganitong lugar ng trabaho, mayroon pa rin nangyayaring aksidente sa trabaho.

Talaga!?

Ito ang mga pangunahing dahilan ng aksidente sa trabaho.



Bilang ng mga kaso ng aksidente o pinsala


1	Nadapa	761 na kaso
2	Bumagsak/nahulog	264 na kaso
3	Epekto ng aksyon/pinilit na aksyon	165 na kaso
4	Nabangga	111 na kaso
5	Nasugatan/nagasgasan	86 na kaso

Pinagmulan: "Datos para sa Pagsusuri ng Pinsala at Kapamahakan sa Lugar ng Trabaho/Industriya ng mga Tradisyonal na Hotel sa Japan, Subtotal (2018)" mula sa Japan Industrial Safety & Health Association (Asosasyon para sa Pag-iwas sa Pinsala at Kapamahakan sa Trabaho ng Japan) (Nirebisa noong Agosto 2019)



Maraming nadapa at bumagsak/nahulog, ano?





Oo nga.

Unang-una, pumunta tayo sa "nadapa". Nahahati ito sa tatlong kategorya.



"Nadulas."
"Natalisod."
"Hindi maganda ang tinungtungan."

Ito ay dahil madalas silang naglalakad sa loob ng malawak na pasilidad katulad ng hotel o ryokan.



Kahit sa tv o sa pelikula, mukhang sobra nilang abala.

Isa pang dahilan ay ang palaging pagmamadali upang hindi maghintay ang mga panauhin.



Ano kaya ang magandang gawin upang makaiwas sa pagbagsak?

Bukod syempre sa sarili nating pag-iingat, mahalaga na maging maayos sa ating mga gamit upang maiwasan ang aksidente sa ating kapaligiran.

Pag-aayos (Seiri),
Pagsasalansan (Seiton),
Paglininis (Seiso),
Pananatili ng kaayusan (Seiketsu)

4S



Istorbo kase magligpit e...

Ang punto dito ay mag-iingat tayo para hindi bumagsak, di ba?

Ano kamo?



Hindi lang ang sarili natin ang dapat nating alalahanin. Dapat gawin natin na ang ating lugar ng trabaho ay isang lugar kung saan walang babagsak o madadapa.

O-opo!

Uhm...

Ang kasunod ay ang "pagkahulog". Ang mga nagtrabaho sa industriya ng hotel ay maraming beses gumagamit ng hagdan kaya madalas din ang insidente ng pagkahulog.



Ang pagkahulog ay maaaring maging dahilan din ng malubhang pinsala, katulad ng pagkabali ng buto, kaya kailangan nating mag-ingat.

Kapag hindi ka makatrabaho dahil sa malubhang pinsala, mag-aalalarin sa iyo ang pamilya mo, bukod sa magkakaproblema ka sa pera.



Dahil dito, mahalaga ang maging palaging handa.

Dapat tayo maghanda habang wala pang nangyayari. Halimbawa, magsuot ng sapatos na hindi madulas, o ang magsiyasat tungkol sa mga mapanganib na lugar sa trabaho.



Mensahe para sa lahat ng empleyado
Huwag tayo tumakbo sa hagdan sa labas.
*Mag-ingat lalong-lalo na tuwing umuulan dahil madulas ang hagdan.

Isa pang importante ay ang magtrabaho tayo na may sapat na oras para hindi nagmamadali.

Anong uri ng pinsala o kapahamakan sa trabaho ang "epekto ng aksyon/pinilit na aksyon"?



Halimbawa, matagal na nagtrabaho nang nakatayo o

kaya'y sumakit ang inyong likod dahil sa pagkarga ng bagahe ng paunauhin....



Naiintindihan ko na....

Kung ganun...




Tingnan natin ang

aktwal na lugar ng trabaho!



Halimbawa 1



おはようございます

ませ!

Maligayang pagdating!

Pasok po kayo!

ホテルフロント：
神崎 (23歳・女性)

ホテルフロント：
秋山 (32歳・男性)



Umuulan?

いつのまにか

Bigla na lang umulan

Kailangang ibaba
yung signboard ng
cafe sa labas!



ちよ


Tumitingin

Mukhang maraming
ginagawa si Akiyama



Mag-ingat sa paglakad
tuwing umuulan!

.....




ウーン

Mahina pa naman
ang ulan, kaya
OK pa siguro!



Kaladkad



Mabigat
pala ito.

Pero buti nang
gawin ito bago
lumakas ang ulan.



Ayan!

OK na ito.

Hala



Ang-
Ang sakit...

Tumama ang
likod ko...

Maligayang
pagdating!




お荷物こちらで
全部ですか


Ito na po ba ang lahat
ng bagahe ninyo?



Huwag kang
madudulas.



Anong
nangyari?




Hindi!
Wala po!



今からフロントに
ご案内しますね

Sasamahan ko po kayo
sa front desk.

とっさ
わけてして
はははは
Kaya ganun nangyari
Hahaha!





Sir, madam,

dito po tayo.

Muntik na yun!

すみません!
大丈夫ですか?
Ay sorry!
OK kailang ba?
こちらこそ
失礼を...
Naku, ako po ang
dapat mag-sorry...



Sya nga pala.


Pwede tayo mag-usap sandali?

Lunok...




Buti na lang di ka nasugatan pero...

Twing umuulan o may niyebe, nababasa ang sahig at nagiging madulas, kaya dapat tayo mag-ingat.



Kapag madaling madulas, magiging hindi natural ang tindig sa pagbubuhay ng bagahe at ito'y nagiging dahilan ng sakit sa likod.

Opo....



Atsaka, maraming panauhin sa lobby kaya kailangan din natin palaging maging maingat sa pagkilos habang inaalala ang mga tao sa ating paligid.

Opo...



Ilang beses na kita sinabihan na mag-ingat?

Ikalawa, ay hindi, ika-tatlo na.

すみません...
Sorry po....

Napagalitan nang husto.

Halimbawa 2



OK!

Dalawang kahon, tapos!


Kukunin ko na ang sunod kong gagawin!

ホテル厨房：
風間 (23歳・男性)



Dadalhin ko na rin yung sa iyo.

OK na ang isang kahon?



... Kazama...

Ang sapatos mo.

Hah?

ホテル厨房：
小沢 (20歳・女性)



Mukhang sirang-sira na.

Ah!

Sa totoo lang pati yung ilalim numipis na!

Dapat palitan mo na yan....

Okay pa yan. Okay pa yan, no!

あやう!
Sige, mamaya-na! lang ulit!



Delikado yan!

Hoy! Huwag kang tumakbo.

Naku.

Sorry!




Delikado yang ginagawa mo!

Isang kahon lang ang buhatin mo!

Kaunti na lang kasi. Ayos lang ito!



びしょ...



風間が大丈夫か

OK ka lang?






Aray!

Sakit ng likod ko...

Andito na ako.

Bumalik na ako...






...Kazama...

Kapag manipis na ang ilalim ng sapatos nagiging madali nang madulas, kaya palitan mo na ng bago.



Atsaka, kahit nagmamadali ka, di dapat tumakbo nang padalos-dalos.




Importanteng patakaran ang "4S" sa trabaho.

Kapag basa ang sahig o may nalaglag na basura sa kusina, nagiging madaling matumba ang mga tao.


Maaari din matalisod sa mga bagay na nakalagay sa sahig kaya dapat magligpit tayo.



Lalong-lalo na sa kusina. Maraming matatalas na bagay katulad ng kutsilyo, kaya dapat maging maingat tayo sa ating paggalaw.




Kapag may hawak na gamit ang pareho nating kamay, dapat gumamit tayo ng cart o kaya'y humingi tayo ng tulong mula sa ibang tao.



Kapag nasugatan tayo, pati ang pamilya natin ay malulungkot.

Dapat lahat tayo ay magtulungan para maging masaya at ligtas ang ating lugar ng trabaho. Tama di ba?



Opo....

Halimbawa 3



ホテルフロント：
神崎 (23歳・女性)

ホテル厨房：
風間 (23歳・男性)



Oy!

Ay!



Good job!

Good job!

Anong gagawin mo?
Sa lamesa na yan?



Matatanggal na
kasi yung wallpaper.
Gagamitin kong
tungtungan.


Oo nga, ano.



Pero di ba dapat
gumamit ka ng
hagdan?

Hindi na.
Ayos na ito.

Ano naman
yang dala mo?



May panauhin na
nanghihingi ng dalawang
kumot.

Ang tagal ng
elevator bumaba.



Ayaw ko paghintayin ang
panauhin kaya aakyat na
lang ako sa hagdan!

Di kaya dapat
mag-elevator ka kasi may
bitbit ang dalawang
kamay mo?


Ayos na ito!




さよなら
Sige, alis
na ako!



さ
Sige!




Ay...



カキカキ

OKba kayo?




Sabi na nga ba... ang likod ko

Ang sakit....




Kayo....

Ano ang ginagawa ninyo?




Kalabog






OK na?

Makinig kayo nang mabuti.




Kahit magalang lang ang dala ninyo, kapag may hawak ang parehong kamay ninyo dapat ang elevator ang gamitin, hindi ang hagdanan.




Kapag may gagawin kayo sa mataas na lugar gumamit kayo ng hagdan.

Hwag kayo gagamit ng lamesa o upuan kung saan hindi kayo makakasigurado sa tutungtungan ninyo.




At kapag naman masama ang pakiramdam mo, dapat mo sabihin sa supervisor.

Baka mas lumala ang sitwasyon kapag pinilit mo.




OK?

Naintindihan nyo?




Opo....

Mabisal Salongpas




Naiintindihan nyo na minsan, hindi nyo inaasahan pero ang panganib ay malapit lang.



Parang kilala ko yung nasa poster.

Hah? May sinabi ka?



Mahalaga na inaalala natin ang isa't isa at sinusunod natin ang mga patakaran upang masiguro ang kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

Subukan nating balikan ang mga halimbawa.

Mga punto na dapat pag-ingatan sa industriya ng hotel




1 | Maging mapagmasid sa kapaligiran



Ugaliing bigyang-pansin ang galaw ng mga bisita upang maiwasan ang aksidente katulad ng pagkakadapa o pagkahulog.

2 | 4S



Alahanin natin ang 4S (tingnan ang ibinahaging materyales) upang makaiwas sa pagkakadapa.

3 | Trabaho na ginagawa sa mataas na lugar



Tuwing gagawa ng trabaho sa mataas na lugar, gamitin natin ang hagdang-tiklupin sa tamang paraan.

4 | Pagdadala ng gamit



Iwasang gamitin ang hagdan kapag may hawak ang parehong kamay natin.


Ang pinsala at kapahamakan sa trabaho ay hindi problema ng ibang tao kundi problema natin at ng mga malalapit sa atin.



Gusto kong tandaan ninyo na ang pagsunod sa patakaran ay pagprotekta sa ating sarili, sa ating pamilya at sa ating pamumuhay.

Para sa anumang mangyayari

Mahalaga ang komunikasyon araw-araw sa mga tao sa trabaho.




OK! Magsikap tayo araw-araw habang iniingatan ang ating kaligtasan at kalusugan.




Tama, tama.

Industriya ng hotel

Mag-ingat din tayo sa mga ganitong bagay! Mga payo para sa kaligtasan at kalusugan!




1 | Mag-ingat upang hindi mahulog o madapa mula sa hindi inaasahang lugar!



2 | Mag-ingat upang hindi maipit ng pinto!



3 | Matulog nang mabuti pagkatapos ng pagtatrabaho sa gabi!



4 | Tumindig nang tama tuwing nagbubuhat ng mabibigat!


NG

Pag-angat ng binubuhat nang hindi tinitiklop ang tuhod at ginagamit lamang ang lakas mula sa likod.



OK

Pag-angat ng binubuhat nang nakatiklop ang tuhod at ginagamit ang lakas mula sa paa at tuhod.




Alamin sa mga drawing at imah

Alamin natin ang natatagong panganib sa lugar ng trabaho!


Pagsasanay sa Pag-iwas sa Panganib

(Kiken Yochi Training: KYT)

Q Subukan natin isipin kung saan at alin ang mapanganib!



A Ito ang mga mahalagang punto tungkol sa panganib!



1 Hilahin paorong ang cart.



2 Maging mapagmasid tayo sa ating kapaligiran.



3 Tiklupin ang tuhod at saka tumayo.



Pag-isipan natin kung mayroon pa bang ibang mahalagang punto tungkol sa panganib.

Alamin Mula sa Komiks Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Hotel

Inilathala Marso 2020

Naglimbag: Ministry of Health, Labour and Welfare
(Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan)

Nagplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.
Nangasiwa: Kumite sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan at Kalinisan sa Lugar ng Trabaho
Grupo sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan sa Industriya ng Hotel

Lumikha: Sideranch Inc.



Para sa katanungan tungkol sa mga materyales:

Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan, Kawanihan
ng Pamantayan sa Paggawa, Departamento ng Kaligtasan